



# FACT SHEET



U.S. Department of Health and Human Services • Office for Civil Rights • Washington, D.C. 20201 • (202) 619-0403

## ANG IYONG MGA KARAPATAN SA ILALIM NG BATAS NG MGA AMERIKANONG MAY KAPANSANAN

### Ano ang Batas sa mga Amerikanong may Kapansanan?

Ang Americans with Disabilities Act (ADA) ng 1990 ay nagbibigay ng malawak na proteksiyon sa mga karapatang sibil sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa lugar ng pagtatrabaho, estado at serbisyo ng lokal na gobyerno, pampublikong akomodasyon, transportasyon, at telekomunikasyon.

### Sino ang pinoprotektahan sa ilalim ng ADA?

Ang ADA ay pumoprotekta sa mga *kwalipikadong indibidwal na may kapansanan*. Ang *indibidwal na may kapansanan* ay isang tao na may pisikal o pag-iisip na kahinaan na lumilimita sa mga pangunahing gawain sa buhay; ang talaan ng kahinaan, o tinuturing na may gayong kahinaan. Ang mga pangunahing mga gawain sa buhay ay nangangailangan ng mga tungkulin katulad ng **pangangalaga sa sarili, pagsasagawa** ng gawaing manwal, paglalakad, paningin, pakikinig, pananalita, paghinga, pagkatuto at pagtatrabaho. Sa ilalim ng ADA ang *kwalipikadong indibidwal na may kapansanan* ay ang taong may kapansanan na nakatugon sa lahat ng kailangan upang tumanggap ng serbisyo o lumahok sa mga programa o mga gawain. Bagamat ang partikular na kondisyon ay tumutugon sa disabilidad sa ADA ay depende rin sa bawat kaso,

*Kabilang sa pisikal o mental na mga kahinaan*, ngunit hindi limitado sa: paningin, pananalita at pakikinig, kakulangan sa pag-iisip, karamdamang emosyonal at tanging kapansanan sa pagkatuto, paralisis sa utak, epilepsiya, maskular na distropiya, isklerosis, ortopedik na kondisyon, kanser, sakit sa puso, diyabetes at nakahahawa at di-nakahahawang mga sakit katulad ng tuberkulosis at HIV na sakit (Alinman sa may sintomas o walang sintomas).

### Ano Ang Titulo II ng ADA?

Titulo II ng ADA ay nagbabawal ng diskriminasyon laban sa mga kwalipikadong indibidwal na may kapansanan batay sa kawalang kakayahan sa mga programa, mga gawain, at mga serbisyo ng pampublikong entidad. Ang pampublikong entidad ay kabilang ang estado at lokal na gobyerno at ang kanilang mga kagawaran at mga ahensiya. Ang Titulo II ay tumutukoy sa mga gawain, mga serbisyo at mga programa ng pampublikong entidad.

Ang tanggapan para sa mga serbisyong sibil (OCR) sa loob ng Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Amerika ay naglaan ng pagpapatupad ng tungkulin sa ilalim ng Titulo II ng ADA para sa estado, at lokal na pangangalaga sa kalusugan at mga ahensiya ng serbisyong pantao.

## Mga Tiyak na Pangangailangan

Ang pampublikong entidad ay **hindi maaaring**:

- ✗ Tumanggi na pahintulutan ang tao na may kapansanan na makilahok mula sa kanilang mga serbisyo, mga programa, o mga gawain dahil sa ang tao ay may kapansanan.
- ✗ Tumukoy ng kailangan sa eligibilidad para sa partisipasyon sa mga programa, mga gawain at mga serbisyo na hinihiwalay o tangkang ihiwalay ang indibidwal na may kapansanan, maliban kung naitatag nila na ang gayong kritirya ay kailangan sa probisyon ng serbisyo, programa o mga gawain.
- ✗ Maglaan ng mga serbisyo o mga benepisyo sa mga indibidwal na may kapansanan sa pamamagitan ng mga programa na hiwalay o magkaiba maliban kung ang mga hiwalay na programa ay nangangailangan upang matiyak na ang mga benepisyo at mga serbisyo ay pantay na epektibo.

Ang mga pampubliko entidad ay **kinakailangang**:

- ✓ Magbigay ng mga serbisyo, mga programa at mga gawain sa pinaka epektibong paraan angkop sa mga pangangailangan ng mga taong kwalipikado na may kapansanan.
- ✓ Gumawa ng mga makatwirang, pagbabago sa kanilang mga alituntunin, mga gawain at mga pamamaraan upang maiwasan ang diskriminasyon batay sa mga kapansanan, maliban kung maipakita nila na ang pagbabago ay mababago ang uri ng kanilang serbisyo, programa o gawain.
- ✓ Tiyakin na ang mga taong may kapansanan ay hindi tinanggal mula sa mga serbisyo, mga programa at mga gawain sa dahilang di makapasok sa mga gusali.
- ✓ Maglaan ng mga dagdag na tulong sa mga indibidwal na may kapansanan na walang karagdagang babayaran, kung saan kinakailangan upang tiyakin ang epektibong pagbabalita sa mga indibidwal na may kahinaan sa pakikinig, paningin, o kahinaan sa pananalita. (Ang mga karagdagang tulong o gamit katulad ng: mga kwalipikadong tagapagsalin ng salita, mga tulong sa pakikinig, pagkakapsiyon ng telebisyon at mga dekode, mga kagamitan sa pagbabalita para sa mga bingi (TDDs), mga display ng videotext, mga tagabasa, mga gamit sa pag-impronta at pagsulat ng mga bulag, at mga gamit na malalaki ang titik.)

### **Sino Ang Maaaring Magsampa ng Reklamo sa OCR?**

Ang sino mang indibidwal na naniniwalang siya o grupo ng mga indibidwal ay nadiskrimina batay sa kapansanan, sa mga programang pangkalusugan o pantao o mga gawain na isinasagawa ng entidad, ay maaaring magsampa ng reklamo sa OCR. Ang mga reklamo ay kailangang maisampa sa loob ng 180 araw simula sa petsa ng paghihinala ng diskriminasyon. Maaaring pahabain sa mahigit na 180 araw na termino kung maipapakita mo na may “magandang dahilan.”

Idagdag ang mga sumusunod na impormasyon sa iyong nakasulat na reklamo, o humiling ng dokumento ng reklamo sa diskriminasyon mula sa OCR sa Pangrehiyon o Himpilang tanggapan ( kailangan lagdaan ang reklamo ng taong nagrereklamo o awtorisadong kinatawan):

- Ang iyong pangalan, tirahan, at numero ng telepono.
- Pangalan at lugar ng entidad na pinaniniwalaan mo na nagdiskrimina laban sa iyo.
- Paano, bakit, at kailan ka diniskrimina sa iyong paniniwala.
- Iba pang makabuluhang impormasyon.

Ipadala ang iyong reklamo sa Tagapangasiwa ng Rehiyong angkop sa Pangrehiyong Tanggapan ng OCR, o sa lugar na nakalagay sa ibaba. Kapag natanggap, rerepasuhin ng OCR ang impormasyong ibinigay. Kung napag-alaman naming wala kaming karapatan na magsiyasat sa iyong reklamo, isasangguni namin kung posible sa nararapat na ahensiya. Ang mga reklamong ipinaratang ng diskriminasyon sa trabaho batay sa kapansanan laban sa isang indibidwal, ay maaaring isangguni sa U.S. Equal Opportunity Commission para sa proseso.

Ang pribadong mga indibidwal ay maaaring ring magsampa ng mga reklamo laban sa isang pampubliko entidad upang ipatupad ang kanilang mga karapatan sa ilalim ng Titulo II ng ADA; at maaaring tumanggap ng katarungan, pagbabayad sa kanilang kapinsalaan, at mga murang upa sa abugado.

**Para sa Karagdagang Impormasyon, Makipag-ugnayan sa:**

**Director  
Office for Civil Rights  
U. S. Department of Health and Human Services  
200 Independence Avenue, SW - Room 506-F  
Washington, D.C. 20201**

**Hotlines: 1-800-368-1019 (Voice)  
E-Mail: [ocrmail@hhs.gov](mailto:ocrmail@hhs.gov)**

**1-800-537-7697 (TDD)  
Website: <http://www.hhs.gov/ocr/>**